U.S. SMALL BUSINESS ADMINISTRATION

APLIKASYON PARA SA PANTRAHEDYANG PAUTANG PARA SA NAPINSALANG EKONOMIYA DULOT NG COVID-19 (ECONOMIC INJURY DISASTER LOAN)

Ang SBA ay nangangalap ng hiniling na impormasyon upang makapangutang alinsunod sa Programang Economic Injury Disaster Loan ng SBA sa mga kwalipikadong partido na nakalista sa Tanong 3- Uri ng Organisasyon sa ibaba, na naapektuhan ng Coronavirus (COVID-19). Ang impormasyon ay gagamitin upang tukuyin kung ang aplikante ay kwalipikado para sa economic injury loan (pautang para sa pinsala sa ekonomiya). Kung hindi mo isusumite ang lahat ng hiniling na impormasyon, hindi mapoproseso nang ganap ang pautang sa iyo.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa aplikasyong ito, o mga problema sa pagbibigay ng mga kinakailangang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa aming Customer Service Center sa 1-800-659-2955 o (TTY: 1-800-877-8339) DisasterCustomerService@sba.gov.

Kung mangangailangan pa ng karagdagang espasyo para sa anumang bahagi ng aplikasyong ito, maglakip lang ng karagdagang mga papel. Makikipag-ugnayan sa iyo ang SBA sa pamamagitan ng telepono o e-mail upang pag-usapan ang iyong kahilingan sa pautang.

PAGFA-FILE NG MGA KAHINGIAN

Kailangan mong kumpletuhin at isumite ang mga sumusunod:

☐ Ang aplikasyong ito (SBA Form 3501), na napunan at nalagdaan

☐ Karagdagang Impormasyon para sa Economic Injury Disaster Loan (SBA Form 3502)

☐ Pansariling Pagpapatunay para sa Pagbeberipika ng Kwalipikadong Partido para sa Paunang Pang-emerhensyang Economic Injury Disaster Loan (SBA Form 3503)

PARA SA PANLOOB NA PAGGAMIT LANG NG SBA
Declaration Number ng Economic Injury:
Numero ng SBA na Aplikasyon:
Petsa ng Pagkakatanggap:
Pagdating ng:
Huling Petsa ng Pagfa-file:

SAMPLE

OMB Control Number 3245-0406
Petsa ng Pagkawalang Bisa: 9/30/2020

U.S. SMALL BUSINESS ADMINISTRATION

APLIKASYON PARA SA PANTRAHEDYANG PAUTANG PARA SA NAPINSALANG EKONOMIYA DULOT NG COVID-19 (ECONOMIC INJURY DISASTER LOAN)

PAKITANDAAN: Ang tinatantiyang oras upang mapunan ang bahaging ito ng aplikasyon ay 30 minuto. Hindi mo kailangang tumugon dito o sa anumang pangangalap ng impormasyon maliban kung nagpapakita ito ng kasalukuyan at balidong OMB approval number. Kung mayroon kang anumang mga tanong o komento ukol sa anumang aspeto ng pangangalap ng impormasyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa U.S. Small Business Administration Information Branch, 409 3rd St., SW, Washington, DC 20416 at Desk Officer for SBA, Office of Management and Budget, Office of Information and Regulatory Affairs, New Executive Office Building, Washington, DC 20503.

IMPORMASYONG UKOL SA NEGOSYO

1. Legal na Pangalan ng Negosyo:
2. Ngalang-pangkalakal: (Isama ang pangalang DBA kung iba ito sa legal na pangalan)
3. Uri ng Organisasyon:
   - ☐ Kooperatiba
   - ☐ Employee Stock Ownership Plan (ESOP)
   - ☐ Tanging May-ari
   - ☐ Independiyenteng Kontratista
   - ☐ Tribal (Panggrupo/Pangtribo) na Negosyo
   - ☐ Sosyohan
   - ☐ Korporasyon
   - ☐ Limitadong Sosyohan
   - ☐ Di-pinagkakakitaang Organisasyon
   - ☐ Limited Liability Entity (LLC, LLP)

SAMPLE

☐ Trust

☐ Iba pa:

4. Pampederal na Employer Identification Number (EIN), kung mayroon, o Social Security Number:

5. Numero ng Telepono ng Negosyo:

6. Address ng Koreo:

   Kalye:

   Lungsod: Estado: ZIP code:

7. (Mga) Address ng Gusali ng Negosyo

   Address 1

   Kalye:

   Lungsod: Estado: ZIP code:

   Address 2

   Kalye:

   Lungsod: Estado: ZIP code:

   Address 3:

   Kalye:

   Lungsod: Estado: ZipCode:

8. Isaad ang pangalan ng indibidwal na kakausapin para sa kinakailangang impormasyon para maproseso ang aplikasyon:

   Numero ng Telepono:

   Ibang impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

   ☐ Telepono

   ☐ Email

   ☐ Fax Number

   ☐ Ibang impormasyon sa pakikipag-ugnayan

9. Aktibidad ng Negosyo (hal., restawran, tindahan):

10. Bilang ng mga Empleyado bago ang Trahedya:

SAMPLE

11. Petsa ng Pagkakatatag ng Negosyo (BB/AA/TTTT):

12. Ang Kasalukuyang Pamamahala ay Mula Noong:

13. Halaga sa U.S. Dollars ng Tinatantiyang Kalugihan:

14. Impormasyon ng May-ari. Punan para sa Bawat-Isa:

    a. May-ari, o

    b. Limitadong kasosyo na nagmamay-ari ng 20% o mas malaking interes at bawat pangkalahatang kasosyo, o

    c. Stockholder (may-bahagi sa stocks) o partido na nagmamay-ari ng 20% o mas malaking stock sa pagboto.

    Kung kailangan mo pa ng espasyo, magsama ng dokumentasyon sa mga karagdagang pahina ng impormasyon.

    May-ari #1*:*

    Legal na Pangalan:

    Posisyon/Tungkulin:

    Porsiyento ng Pagmamay-ari:

    Email Address:

    Social Security na Numero*:

    Petsa ng Kapanganakan:

    Lugar ng Kapanganakan

    Lungsod*: Estado*:

    Numero ng Telepono:

    Mamamayan ng US? ☐Oo ☐Hindi

    Address ng Koreo

    Kalye:

    Lungsod: Estado: ZIP code:

    May-ari #2*:*

    Legal na Pangalan:

    Posisyon/Tungkulin:

SAMPLE

Porsiyento ng Pagmamay-ari:

Email Address:

Social Security na Numero*:

Petsa ng Kapanganakan:

Lugar ng Kapanganakan*:

Lungsod: Estado:

Numero ng Telepono:

Mamamayan ng US? ☐Oo ☐Hindi

Address ng Koreo

Kalye:

Lungsod: Estado: ZIP code:

Pangalan ng May-ari ng Negosyong Entidad:

EIN:

Uri ng Negosyo:

% ng Pagmamay-ari:

Address ng Koreo

Kalye:

Lungsod: Estado: ZIP code:

Email Address:

Telepono:

15. Para sa aplikanteng negosyo at bawat may-aring nakalista sa ibaba, mangyaring sagutan ang mga sumusunod na tanong, kasama ang mga petsa at detalye sa anumang mga tanong na sinagutan ng OO (Maglakip ng karagdagang mga papel ayon sa pangangailangan).

    a. Noong nakalipas na taon, ang negosyo ba o isang nakalistang may-ari ay nahatulan dahil sa nagawang krimen sa panahon ng, at may-kaugnayan sa isang riot o kaguluhang pambayan o iba pang idineklarang trahedya, o nasangkot ba sa paggawa o pamamahagi ng anumang produkto o serbisyo na natukoy na mahalay ng isang hukumang may karampatang kapangyarihan?

    ☐Oo
    ☐Hindi

SAMPLE

b. Ang aplikante ba o sinumang nakalistang may-ari ay kasalukuyang suspendido o pinagbabawalang mangontrata sa Pederal na pamahalaan o tumanggap ng mga Pederal na gawad o pautang?

☐Oo
☐Hindi

16. Patungkol sa iyo o sinumang nakalistang may-ari sa aplikasyong ito:

a. Ikaw ba ay kasalukuyang nakademanda, nakapailalim sa kriminal na impormasyon, pagsasakdal, o iba pang mga pamamaraan kung saan ang pormal na paghahabla ay dinala na sa kahit anong hurisdiksyon?

b. Sa loob ng nakalipas na 5 taon, para sa anumang krimen, ikaw ba ay:

- Napatunayang may-sala; o
- Umamin sa kasalan; o
- Nangatuwiran ng nolo contendere; o
- Ibinuklod sa pretrial; o
- Isinailalim sa anumang uri ng parol o probasyon (kasama ang probasyon bago ang paghuhusga)?

☐Oo
☐Hindi

Kung oo, ilagay ang pangalan ng indibidwal:

17. Kung mayroong sinumang tumulong sa iyo upang matapos ang aplikasyong ito, kung nagbayad ka man para sa serbisyong ito o hindi, pakibigay ang mga sumusunod na impormasyon:

Pangalan ng Indibidwal:

Address ng Kinatawan

Kalye:

Lungsod: Estado: ZIP code:

Pangalan ng Kompanya:

Numero ng Telepono:

Address ng Kompanya

Kalye:

SAMPLE

Lungsod: Estado: ZIP code:

Bayad sa U.S. Dollars na Siningil o Napagkasunduan:

☐ Binibigyan ko ng pahintulot ang SBA na talakayin ang anumang bahagi ng aplikasyong ito sa kinatawang nakalista sa itaas.

☐ **HINDI** ko binibigyan ng pahintulot ang SBA na talakayin ang anumang bahagi ng aplikasyong ito sa kinatawang nakalista sa itaas.

18. Impormasyon ng ACH

Pangalan ng Bangko:

Routing Number:

Account Number:

SAMPLE

OMB Control Number 3245-0406
Petsa ng Pagkawalang Bisa: 9/30/2020

U.S. SMALL BUSINESS ADMINISTRATION

ECONOMIC INJURY DISASTER LOAN

MGA KASUNDUAN AT PATUNAY

Sa ngalan ng mga indibidwal na nakalagda sa ibaba at para sa aplikanteng negosyo:

Aking/Aming binibigyan ng awtorisasyon ang aming kompanya sa insurance, bangko, pananalapi, o iba pang nagpapautang na ibigay sa SBA ang lahat ng tala at impormasyong kinakailangan upang maproseso ang aplikasyong ito, at para makuha ng SBA ang impormasyon sa kredito tungkol sa mga indibidwal na kumukumpleto sa aplikasyong ito.

Kung ang pautang sa akin/amin ay maaprubahan, maaaring mangailangan pa ng karagdagang impormasyon bago isara ang pagpapautang. Ako/Kami ay bibigyang-kaalaman sa pamamagitan ng sulat kung anu-anong impormasyon ang kakailanganin upang makuha ang mga pondong pautang sa akin/amin. Aking/Aming binibigyang-awtorisasyon ang SBA na beripikahin ang aking/aming nakaraan at kasalukuyang impormasyon sa pagtatrabaho, gayundin ang kasaysayan ng suweldo ayon sa pangangailangan, upang maproseso at maihatid ang pautang para sa trahedya.

Aking/Aming binibigyang-awtorisasyon ang SBA, gaya ng iniaatas ng Privacy Act (Batas sa Pribasiya), na ilabas ang anumang impormasyong nakalap na may-kaugnayan dito sa aplikasyong ito para sa Pederal, estado, lokal, pangtribo, o di-pinagkakakitaang mga organisasyon (hal., Red Cross Salvation Army, Mennonite Disaster Services, SBA Resource Partners) para sa layunin na tulungan ako sa aking/aming aplikasyon sa SBA, na nagtatasa ng kwalipikasyon para sa karagdagang tulong, o pagbibigay-abiso sa akin ng pag-iral ng ganitong tulong.

Hindi ko/namin ibubukod sa paglahok sa, ni ipagkakait ang mga benepisyo ng, o kaya ay isasailalim sa diskriminasyon sa anumang programa o aktibidad kung saan makakatanggap ako/kami ng Pederal na pinansyal na tulong mula sa SBA, ang sinumang tao batay sa edad, kulay ng balat, kapansanan, kalagayang-sibil, pinagmulang bayan, lahi, relihiyon, o kasarian.

Aking/aming iuulat sa SBA Office of the Inspector General, Washington, DC 20416, ang sinumang Pederal na empleyado na mag-aalok ng tulong, kapalit ng anumang uri ng kabayaran, upang maaprubahan ang pautang na ito. Hindi ako/kami nagbayad ng sinumang may-kaugnayan sa Pederal na pamahalaan para sa tulong na makuha ang pautang na ito.

PATUNAY SA MAKATOTOHANANG IMPORMASYON: Sa iyong paglagda sa aplikasyong ito, pinapatunayan mo na ang lahat ng impormasyon sa iyong aplikasyon at ang mga isinumite kasama ng iyong aplikasyon ay totoo at wasto ayon sa iyong kaalaman, at na ikaw ay magsusumite ng makatotohanang impormasyon sa hinaharap.

SAMPLE

OMB Control Number 3245-0406
Petsa ng Pagkawalang Bisa: 9/30/2020

BABALA: Ang gumamit sa mga pondo ng pantrahedyang pautang ng SBA sa maling paraan ay magkakaroon ng pananagutan sa Administrator sa halagang katumbas ng isa at kalahating beses ng orihinal na prinsipal na halaga ng pautang alinsunod sa 15 U.S.C. 636(b). At, ang anumang kasinungalingan o maling impormasyon sa SBA ay maaaring magresulta sa kriminal, sibil o administratibong kaparusahan kabilang ngunit hindi limitado sa: 1) mga multa at pagkakabilanggo, o pareho, alinsunod sa 15 U.S.C. 645, 18 U.S.C. 1001, 18 U.S.C. 1014, 18 U.S.C. 1040, 18 U.S.C. 3571, at anumang iba pang naaangkop na batas; 2) treble damages (kung saan maaaring bayaran ng triple ang nagsasakdal) at mga multang sibil alinsunod sa False Claims Act, 31 U.S.C. 3729; 3) dobleng bayad-pinsala at mga multang sibil alinsunod sa Program Fraud Civil Remedies Act, 31 U.S.C. 3802; at 4) suspensyon at/o pagbabawal na lumahok sa lahat ng Pederal na pangangalap at mga transaksyong walang kinalaman sa pangangalap. Maaaring taasan ang mga multa kung iatas ng Federal Civil Penalties Inflation Adjustment Act Improvements Act of 2015.

Lagda: Petsa:

Pangalan ng Lalagda:

Titulo:

SAMPLE

OMB Control Number 3245-0406
Petsa ng Pagkawalang Bisa: 9/30/2020

U.S. SMALL BUSINESS ADMINISTRATION

APLIKASYON PARA SA PANTRAHEDYANG PAUTANG PARA SA NAPINSALANG EKONOMIYA DULOT NG COVID-19 (ECONOMIC INJURY DISASTER LOAN)

Maglagay ng karagdagang impormasyon dito. Mangyaring sumangguni sa seksyon at pamagat.

SAMPLE

OMB Control Number 3245-0406
Petsa ng Pagkawalang Bisa: 9/30/2020

U.S. SMALL BUSINESS ADMINISTRATION

MGA PAHAYAG NA INIAATAS NG MGA BATAS AT EXECUTIVE ORDER

PAALALA: PAKIBASA AT ITAGO PARA SA PANSARILING MGA TALA

Upang makasunod sa batas na ipinasa ng Kongreso at sa mga Executive Order na inisyu ng Pangulo, mga Pederal na ahensya, kasama ang Small Business Administration (SBA), kailangan mong mabigyang-kaalaman ukol sa ilang impormasyon. Makikita mo ang mga regulasyon at patakarang nagpapatupad sa mga batas na ito, at ang mga Executive Order sa Title 13 ng Code of Federal Regulations (CFR), Chapter 1, o sa aming Standard Operating Procedures (Mga SOP). Upang maipaabot ang mga kinakailangang paunawa, ang mga sumusunod ay maiikling buod ng iba't-ibang batas at mga Executive Order na nakakaapekto sa Mga Programa sa Pantrahedyang Pautang ng SBA. Makakakita ng talahulunganan sa Disasterloan.sba.gov.

FREEDOM OF INFORMATION ACT (5 U.S.C. § 552)

Nakasaad sa batas na ito, na may ilang eksepsyon, na dapat nating ipaubaya ang mga tala o bahagi ng mga talang nasa mga file, sa mga taong gustong makabasa ng mga ito. Sa pangkalahatan, kabilang dito ang mga pinagsama-samang pang-estatistikong impormasyon na ukol sa ating mga programa sa pantrahedyang pautang at iba pang impormasyon gaya ng mga pangalan ng mga humihiram (at ang kanilang mga opisyal, direktor, may-bahagi sa stocks o mga kasosyo), halaga ng pautang at petsa ng pagbabayad (maturity), ang nakaprendang kolateral, at ang pangkalahatang layunin ng mga pautang. Hindi naman kagawiang ipagbigay-alam sa mga ikatlong partido ang iyong pansariling datos nang hindi ka muna inaabisuhan, gaya ng iniaatas ng Executive Order 12600, ni ang impormasyong magdudulot ng pinsala sa kompetisyon o magiging sanhi ng malinaw na di-ninanais na panghihimasok sa personal na pribasiya.

Dapat inilalarawan ng mga kahilingan ng Freedom of Information Act (FOIA) ang mga partikular na talang gusto mo. Para sa impormasyong tungkol sa FOIA, makipag-ugnayan sa Chief, FOI/PA Office, 409 3rd Street, SW, Suite 5900, Washington, DC 20416, o sa pamamagitan ng e-mail sa foia@sba.gov.

BATAS NG PRIBASIYA (PRIVACY ACT) (5 U.S.C. § 552a)

Maaaring humiling ang sinuman na makita o makakuha ng mga kopya ng anumang personal na impormasyong mayroon kami. Ang anumang impormasyon sa iyong file na nakalap bilang mga pagkakakilanlan ng indibidwal, gaya ng pangalan o social security number ay protektado ng Privacy Act, ibig sabihin, ang mga kahilingang ukol sa impormasyong tungkol sa iyo ay maaaring tanggihan maliban kung nasa amin ang iyong nakasulat na pahintulot na ilabas ang impormasyon sa humihiling, o maliban

SAMPLE

na lang kung ang impormasyon ay nasasaklaw ng pagsisiwalat alinsunod sa Freedom of Information Act. Ang seksyon ng Mga Kasunduan at Patunay ng form na ito ay naglalaman ng nakasulat na pahintulot upang maisiwalat namin ang impormasyong nakuha sa pangangalap na ito, sa mga serbisyong pang-estado, lokal o mga pribadong tulong sa trahedya.

Binibigyang-awtorisasyon ng Privacy Act ang SBA ng karapatan para sa ilang "karaniwang paggamit" ng impormasyon na protektado ng Act na ito. Ang isa sa mga karaniwang paggamit ng sistema ng pagtatala ng loan ng SBA ay kapag ang impormasyong ito ay nagpapahiwatig ng paglabag o potensyal na paglabag sa batas, sibil man o kriminal, o administratibo ang uri, maaaring itong isangguni ng SBA sa naaangkop na ahensya, Pederal man o lokal, o banyaga, na may-pananagutan sa, o may-kinalaman sa imbestigasyon, paglilitis, pagpapatupad, o paghadlang sa mga ganitong paglabag. Ang isa pang karaniwang paggamit ng personal na impormasyon ay ang pagtulong upang makakakuha ng mga ulat sa kawanihan ng mga institusyong nagpapautang, para sa mga Aplikante ng Pantrahedyang Pautang at mga tagagaranitya para sa mga layunin ng pagmumulan, pagbibigay, at pamamahagi ng mga Pantrahedyang pautang. Tingnan ang, 69 F.R. 58598, 58617 (at gaya ng pagtatama sa mga ito sa pana-panahon) para sa karagdagang impormasyon at iba pang mga karaniwang paggamit.

Alinsunod sa mga probisyon ng Privacy Act, hindi mo kailangang magbigay ng mga social security number. (Gayunpaman, tingnan ang impormasyon sa ilalim ng Debt Collection Act sa ibaba). Gumagamit kami ng mga social security number upang matukoy ang magkakaibang tao na may magkakatulad o magkakaparehong pangalan para sa mga pasyang ukol sa pagpapautang, at para sa layunin ng paniningil ng utang. Kapag hindi naibigay ang numerong ito, maaaring hindi naman maapektuhan ang anumang karapatan, benepisyo o pribilehiyo na nararapat sa iyo alinsunod sa batas, ngunit ang pagkakaroon ng parehong numero ay nagpapadali para sa amin na mas tumpak na matukoy kung para kanino nararapat ang maling impormasyon sa kredito, at upang mapanatili naming wasto ang mga tala sa pautang.

Paalala: Sinumang tao na may pangangamba sa pangangalap, paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon, alinsunod sa Privacy Act ay maaaring makipag-ugnayan sa Chief, FOI/ PA Office, 409 3rd Street, SW, Suite 5900, Washington, DC 20416 o sa pamamagitan ng e-mail sa foia@sba.gov para sa impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng Agency na may-kinalaman sa Privacy Act at sa Freedom of Information Act.

DEBT COLLECTION ACT OF 1982; DEFICIT REDUCTION ACT OF 1984; DEBT COLLECTION IMPROVEMENT ACT OF 1996 & OTHER TITLES (31 U.S.C. 3701 ET SEQ.)

Inaatasan kami ng mga batas na ito na masigasig na singilin ang mga naantalang kabayaran sa pautang at patawan kang ibigay ang iyong taxpayer identification number (nakatalagang numero sa pagbabayad ng buwis) sa amin kapag ikaw ay nag-apply para sa loan. Kapag nakatanggap ka ng pautang at hindi nagbayad kapag kailangan na, maaari naming isagawa ang isa o ilan sa mga ito (maaaring hindi ganoon kadetalyado ang listahang ito):

- Iulat ang pagkaantala sa pagbabayad sa mga kawanihan sa pag-uulat ng kredito.
- Ibawas ang iyong mga refund sa buwis sa suweldo (income tax) o iba pang halagang para sa iyo mula sa Pederal na Pamahalaan.
- Isangguni ang account sa isang pribadong ahensya sa pangongolekta o ibang ahensyang kumakatawan bilang sentro sa pangongolekta ng utang.

SAMPLE

- Suspindihin o pagbawalan kang makipagkalakalan sa Pederal na Pamahalaan.
- Isangguni ang iyong pautang sa Department of Justice.
- Rematahin ang kolateral o isagwa ang mga aksyong pinahihintulutan sa mga dokumento ng pautang.
- Bawasan ang suweldo.
- Ibenta ang utang.
- Litisin o rematahin.

RIGHT TO FINANCIAL PRIVACY ACT OF 1978 (12 U.S.C. § 3401 ET SEQ.)

Ipinagbibigay-alam nito sa iyo, gaya ng iniaatas ng Right to Financial Privacy Act of 1978 (Act), ang aming karapatang magka-access sa mga pinansyal na talang hawak ng mga institusyon ng pananalapi na dati o sa kasalukuyan ay ka-transaksyon mo o ng iyong negosyo. Kabilang dito ang mga institusyon sa pananalaping kalahok sa pagpapautang o paggagarantiya ng pautang.

Ayon sa batas, maaari naming i-access ang iyong mga pinansyal na tala kapag isinasaalang-alang ang pagbibigay ng pautang ng Pamahalaan, o tulong na garantiya sa pautang sa iyo. Kailangan naming bigyan ang institusyon ng pananalapi ng patunay ng aming pagsunod sa Act sa unang pagkakataon na humingi kami ng access sa iyong mga pinansyal na tala. Wala nang ibang patunay na kinakailangan para sa mga susunod na pag-access. Magpapatuloy ang aming mga karapatan sa pag-access para sa kahabaan ng anumang naaprubahang pautang o garantiya sa pautang. Hindi ka na namin kailangang bigyan ng iba pang abiso ng aming mga karapatan sa pag-access sa kahabaan ng pautang o garantiya sa pautang.

Maaari naming ilipat sa ibang kapangyarihan ng Pamahalaan ang anumang mga pinansyal na talang kasama sa isang aplikasyong para sa pautang o tungkol sa isang naaprubahang pautang o garantiya sa pautang kung kinakailangan upang maproseso, maihatid, maipamahagi, o maremata ang isang pautang o garantiya sa pautang. Hindi namin papayagan ang anumang paglilipat ng iyong mga pinansyal na tala sa ibang kapangyarihan ng Pamahalaan maliban kung ito ay iniaatas o pinahihintulutan ng batas.

PATAKARAN NA PATUNGKOL SA MGA KINATAWAN AT SA KANILANG FEEDS

Kapag ikaw ay nag-apply upang makautang sa SBA, maaari kang gumamit ng abogado, accountant, inhinyero, tagatasa (appraiser), o iba pang kinatawan upang tumulong sa paghahanda at paghaharap ng aplikasyon sa amin. Hindi mo kailangang magkaroon ng kinatawan. Kapag naaprubahan ang isang aplikasyon, maaaring kailanganin mo ng isang abogado upang tumulong sa paghahanda ng mga panghuling dokumento.

Walang “mga awtorisadong kinatawan” ng SBA na bukod sa aming mga regular na suwelduhang empleyado. Ang pagbabayad o pagbibigay ng perang kagandahang-loob sa aming mga empleyado ay labag sa batas at mapapailalim ang mga kasangkot sa paglilitis.

Ipinagbabawal ng mga Regulasyon ng SBA ang mga kinatawan na magmungkahi o maningil ng anumang kabayaran para sa mga serbisyong isinagawa alinsunod sa pautang sa iyo, maliban kung ituturing naming

SAMPLE

kinakailangan ang mga serbisyo at kung makatuwiran ang halaga. Ipinagbabawal din ng mga Regulasyon ang paniningil sa iyo ng anumang kabayaran sa obligasyon, bonus, broker, komisyon, referral o iba pang katulad nito. Hindi namin aaprubahan ang anumang kabayaran ng anumang bonus, singil sa pamamagitan (brokerage fee), o komisyon. At, hindi namin aaprubahan ang paglalagay ng pera para sa mga tagahanap (finder's fees), dahil ginamit nila o sinubukang gamitin ang impluwensya sa proseso ng aplikasyon ng pautang sa SBA.

Ang mga kabayaran sa mga kinatawan ay dapat makatuwiran, para sa mga serbisyong may-kinalaman sa aplikasyon o sa pagsasara, at batay sa oras at pagsisikap na kinailangan, sa mga katangian ng kinatawan, at ang kalagayan at dami ng isinagawang trabaho.

Ang mga kinatawan ay dapat magsakatuparan ng isang kasunduan sa kabayaran.

Sa naaangkop na seksyon ng aplikasyon, kailangan mong isaad ang mga pangalan ng lahat ng nagtatrabaho para sa iyo o sa ngalan mo. Kailangan mo ring abisuhan nang nakasulat ang tanggapan ng trahedya ng SBA, ukol sa mga pangalan at mga kabayaran para sa sinumang kinatawang gagamitin mo pagkatapos mong i-file ang iyong aplikasyon.

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa mga pagbabayad o pagiging makatuwiran ng mga kabayaran, makipag-ugnayan sa Field Office kung saan ka nag-file o kung saan mo ifa-file ang iyong aplikasyon.

OCCUPATIONAL SAFETY AND HEALTH ACT (29 U.S.C. 3651 ET SEQ.)

Binibigyang kapangyarihan ng batas ang Occupational Safety and Health Administration (OSHA) sa Department of Labor na atasan ang mga negosyong ibahin ang mga pasilidad at pamamaraan upang maprotektahan ang mga empleyado tuwing naaangkop. Kung hindi ito gagawin ng iyong negosyo, maaari kang pagbayarin ng multa, utusang magsara, o hadlangan na magnegosyo sa isang bagong pasilidad. Dahil dito, maaari ka naming hingan ng impormasyon, upang matukoy kung ang iyong negosyo ay sumusunod sa mga regulasyon ng OSHA, at kung maaari pa itong magpatuloy sa pagnenegosyo matapos maaprubahan o maibigay ang pautang. Kailangan mong patunayan sa amin na ang mga kahingian ng OSHA na naaangkop sa iyong negosyo ay natukoy mo, at na ikaw, sa lubos mong kaalaman, ay nakakasunod

SAMPLE